AUSTRALIAN ENERGY REGULATOR

Impormasyon tungkol sa:

Pagsasara ng negosyo ng inyong tagapamahagi ng enerhiya

Ang mga pagbabago sa merkado ng enerhiya (energy market), gaya ng pagtaas ng presyo ng kuryente o gas, kung minsan ay maaaring magsanhi ng pagsasara ng negosyo ng isang kompanya ng enerhiya (energy company).

Ang isang kompanya ng enerhiya ay ang negosyong nagpapadala sa inyo ng inyong bayarin (bill) sa kuryente o gas.

Ano ang mangyayari kung ang negosyong nagbabahagi ng inyong kuryente o gas ay magsasara?

Kung nagsara na ng negosyo ang inyong energy company, hindi ninyo kailangang mag-alala na mapuputol ang inyong kuryente o gas. Kusa kayong ililipat sa isang bagong energy company. Titiyakin ng bagong energy company na mananatiling konektado ang inyong enerhiya.

Kung kailangan ninyo ng tulong para malaman kung alin ang bago ninyong energy company at gusto ninyong makipag-usap sa isang tao sa inyong wika, tawagan ang Translating and Interpreting Service sa 131 450 at hilinging tawagan nila ang Australian Energy Regulator sa 1300 585 165.

Anong presyo ang sisingilin sa akin ng bago kong energy company?

Kapag inilipat ang inyong kuryente o gas sa isang bagong energy company, ilalagay kayo sa bagong plano sa enerhiya (energy plan). Ang inyong energy plan ay magsasaad kung magkano ang babayaran ninyo para sa inyong kuryente o gas.

Sa planong ito, sisingilin kayo ng maaaring higit pa sa presyong siningil ng dati ninyong energy company. Tawagan ang inyong bagong energy company at itanong kung mayroong mas murang energy plan.

Pwede ba akong lumipat sa ibang energy company?

Hindi ninyo kailangang manatili sa bagong energy company kung saan kayo inilipat. Mapipili ninyong lumipat anumang oras sa ibang energy company mula sa bago ninyong energy company.

Upang magkumpara ng mga presyo mula sa lahat ng mga energy company sa inyong lugar, bisitahin ang aming website na nagkukumpara ng presyo ng enerhiya, Energy Made Easy.

Paano kung mayroon akong espesyal na mga pangangailangan para sa aparatong pangsuporta sa buhay?

Dapat ninyong kontakin kaagad ang inyong bagong energy company at sabihin sa kanila na mayroon kayong aparatong pangsuporta sa buhay, gaya ng mga oxygen concentrator, makinang pang-dialysis, ventilator at iba pang aparatong pangsuporta sa buhay.

Kailangan din ninyo ng sertipikong medikal mula sa inyong doktor na nagkukumpirma na kailangan ninyo ng aparatong pangsuporta sa buhay. Kailangan ninyong ibigay ang sertipikong ito sa bago ninyong energy company. Irerehistro ng bago ninyong energy company na kayo ay may aparatong pangsuporta sa buhay sa inyong bahay.

Kailangan ko bang kontakin ang bago kong energy company, o sila ba ang kokontak sa akin?

Dapat kayong kontakin ng bago ninyong energy company, karaniwan ay sa pamamagitan ng liham, sa loob ng mga limang linggo.

Hindi ninyo kailangang kontakin ang bago ninyong energy company, ngunit mabuting kontakin sila kung:

- kayo ay nahirapang magbayad ng mga bayarin mula sa dati ninyong energy company at gusto ninyong malaman ang mga opsyon sa pagbabayad ng inyong bayarin
- gusto ninyong malaman kung ang inyong energy plan ang pinakamainam para sa inyo.

May utang ako sa dati kong energy company. Ano ang kailangan kong gawin?

Kailangan pa rin ninyong bayaran ang anumang utang na mayroon kayo sa dati ninyong energy company. Kontakin ang dati ninyong energy company kung mayroon kayong anumang mga tanong tungkol sa mga paraan ng pagbabayad ng inyong utang.